DON'T PULL THE PLUG!

WHY DO WE NEED TO CONNECT TO A LOCAL CHURCH

MARTS VALENZUELA

Unless otherwise stated, all Scripture quotations are taken from the Holy Bible: New International Version ®. NIV ®. Copyright © 1973, 1978, 1984, 2011 by Biblica, Inc. ™.

All rights reserved.

DON'T PULL THE PLUG!
Why Do We Need To Connect To A Local Church
Copyright © 2021 by Marts Valenzuela
Cover Design from Canva

CONTENTS

NORMIE IN THE NEW NORMAL 4

THE CHURCH THIS PANDEMIC 6

C - FOR COVERING 8

O - FOR OBEDIENCE'S SAKE 10

N - WE NEED ONE ANOTHER 12

N - FOR THE NEXT GENERATION 14

E - FOR EDIFICATION 16

C - AS A FORM OF COMMITMENT 18

T - SIGN OF OUR TRUSTWORTHINESS 20

ARE YOU READY TO CONNECT? 22

AUTHOR 24

PROMOTION 25

NORMIE IN THE NEW NORMAL

Bago pa man ang pandemic, may isang youth member ang madalas umattend sa worship service ng local church na kinabibilangan niya. Pangalanan natin siyang NORMIE. Pero aminado naman siya, kahit part ng regular routine niya ang pag-attend sa service, may mga panahong uma-absent siya – dahil sa school works, dahil may biglaang lakad o dahil tinanghali lang gumising. Minsan nga naiisip niya, *"bakit nga ba need pa niyang pumunta sa church?"* Pwede naman sigurong sa bahay na lang. Subalit kahit maraming online services ang available sa TV at YouTube, nagpapakita pa rin siya sa church dahil nahihiya siya kay pastor at natatakot siyang ma-follow up kung bakit hindi siya nakakasimba.

Hanggang sa dumating ang announcement ng community quarantine. Halo-halong emosyon ang naramdaman ni Normie. May takot, may excitement, may pag-aalala. Pero ang pinaka-nangibabaw ay naiisip niya na *"sa wakas, makakapahinga ako!"* Mas maraming time para matulog, mag-ML, mag-binge watch at magbabad sa social media.

Come Sunday, sinubukan niya ang livestream service. Natutuwa pa siyang mag-comment at mag-share ng link noong una. Participative pa. Bagong experience kasi.

Pero nang sumunod na linggo, na-late siya ng gising. *"Pwede naman i-replay anytime*".

Another Sunday, hindi na talaga siya gumising nang maaga. Nag-aabang na lang ng recorded message.

Another Sunday, tinapos na muna niya ang pinapanood na series. "*Anytime naman pwedeng balikan ang sermon ni pastor*". This time,

hindi na siya nag-participate sa praise and worship. Diretso na agad sa message. Ini-skip paminsan-minsan kapag medyo *ouch* or boring ang sinasabi ni pastor.

Hanggang sa nagpatuloy ang mga araw… unti-unti nang nawala ang init ni Normie. Kumusta na kaya siya?

Ito ang kwentong pandemya ni Normie. Kakilala ko siya. Pero maaaring kakilala mo rin siya. Ang lungkot ano? Ikaw, anong kwentong pandemya mo?

THE CHURCH THIS PANDEMIC

Ayon sa findings ng Barna Research, "nearly half of churchgoers say they haven't watched any online service in past 4 weeks" at sa kalahating ito, 40% lang ang nanood sa sarili nilang church livestream[1].

Ilagay natin sa context natin. Let's say sa 100 church members, 48 ang hindi nag-online service sa buong buwan. Sa 52 na nag-online service, 12 doon, ibang online service pa ang pinanood! Alam niyo guys, ang sakit nun para sa isang pastor!

Even in terms of finances, maraming churches ang nag-struggle dahil sa pandemya. Sa unang bugso ng community quarantine, bumagsak ng 65% ang tithes and offerings ng mga churches sa aming distrito[2]. Yung iba pa nga may mga buwan na zero talaga. Ganyan ang effect ng pandemic sa mga churches natin lately.

One result of the current pandemic situation may be larger online church audiences, but less active participation. People are watching church services on the internet but are much less involved in key metrics than they were before. Financial giving is trending significantly down, and many ministries have also been suspended.

---

[1] *Nearly half of Churchgoers say they haven't watched any online service in past 4 weeks*. The Christian Post. (n.d.). https://www.christianpost.com/news/nearly-half-of-churchgoers-say-they-havent-watched-any-online-service-in-past-4-weeks.html.

[2] Ito ay base sa mga records ko sa mga churches na nagrereport sa aming opisina. Isa akong district office staff ng aming denomination. Majority of the churches ay nasa mga urban poor communities.

Pero hindi naman na ito bago. Dumaan na ang church sa napakaraming pagsubok – persecutions, world wars, pandemics, ngunit nananatiling matatag ang church na inestablish ni Jesus.

But while the the church will stand strong, how about us? Mag-iistay pa rin ba tayo? May sense pa rin ba na maging connected sa isang local church lalo ngayong panahon na may internet naman na, may mga other venues of worship available, at ngayon pa na limitado, kung hindi man bawal, ang mga physical gatherings?

Let me share to you seven reasons why we need to be connected to the church.

C - FOR COVERING

Walang isa man sa atin ang ipinanganak na may suot na agad na hoodie, statement shirts of skinny jeans. Lahat tayo ay ipinanganak na walang suot. At dahil sobrang fragile natin bilang sanggol, sooner or later kailangan nating mabigyan ng "*cover*" upang hindi tayo malamigan at magkasakit. Kahit gaano pa ka-healthy ang iyong katawan, kapag na-expose ka nang matagal, kapag nakahubad ka for a long time, manghihina ka at makakakuha ka ng sakit.

Just like how we need covering for our physical bodies, we need spiritual covering as well. When I say covering, what I mean is guidance and assistance from the local church as we seek to grow in our faith. Hindi ito powers na isi-shield tayo sa attacks ng enemies. Ibig sabihin lang ay may gumagabay sa buhay Kristyano natin. Because whether we like it or not, minsan natatalisod tayo o nanghihina. Why? Because in nature, tayo ay marupok at mahina. That's why we need guidance from people who have "*been there*" who will serve both as an example and an inspiration for us to move forward in our spiritual journey. As youth growing in the Lord, we need spiritual leaders to lead us and watch over us.

"My brothers, if anyone among you wanders from the truth and someone brings him back, let him know that whoever brings back a sinner from his wandering will save his soul from death and will cover a multitude of sins."
James 5:19-20

Youth, we need a church that will care for us when we are not even sure of ourselves. We need people who treat us like family and look after us. We need to be connected to a local church for covering.

How does the church cover us? Sa maraming paraan, pero primarily through prayers! Hindi niyo lang alam pero sa mga prayer meetings niyo ipinapanalangin kayo ng church lalo na kapag may examinations kayo, may mga need ng wisdom for defense, need ng tuition fees, etc. Ang sarap kaya sa pakiramdam na pinapanalangin ka! Realtalk lang, baka nga tayo hindi hindi masyadong nakakapag-pray personally e, pero imagine, your church prays for you!

If you know you are part of a local church that covers you in love and prayers, consider yourself blessed. Mag-thank you ka sa local church mo! It's a joy to be a part of a local church that covers you in love and in prayers.

O - FOR OBEDIENCE'S SAKE

Kailangan natin maging connected sa local church bilang pagsunod sa utos ng Diyos.

Eh Kuya Marts, wala naman sa Bible ang nagsasabi na kailangan ng church membership para mapunta sa langit di ba?

Tama naman, wala naman talaga sa Bible yun! But what's written in the Bible is the command to "*be baptized in the Name of the Father, of the Son and the Holy Spirit*". Ibig sabihin, kailangang may ibang Christian na magba-baptize sa atin. Hindi natin pwedeng i-baptize ang sarili natin. Saan ba tayo makakakilala ng mga Christians? Sa isang local church! Alangan naman ang magbaptize sa atin ay yung trash talker sa pisonet?

Also, we were commanded to take communion in remembrance of Jesus' death. Ang communion usually ginagawa sa local church. Hindi naman yata maganda na habang nanonood ka sa sinehan tsaka ka magte-take ng communion.

Kung babasahin natin ang New Testament, hindi pwedeng hindi natin mapansin kung paanong naging bahagi ng buhay ng mga early Christians ang local church.

"Obey your spiritual leaders and do what they say. Their work is to watch over your souls, and they know they are accountable to God. Give them reason to do this joyfully and not with sorrow. That would certainly not be for your benefit."
Hebrews 13:17, NLT

Maraming commands sa Bible about submission to spiritual leaders, at magagawa lang natin ito kung tayo ay bahagi ng isang local church. Kung ngayon sa local church pa lang disconnected na tayo,

hindi natin maaaring i-claim na obedient tayo kay Lord. Minsan ang dami nating promises kay Lord, "*Lord gusto kong sumunod sayo, kahit saan Mo ako tawagin, susunod ako*". Pero kung gusto talaga natin sumunod sa Panginoon, maging connected muna tayo sa church.

N - WE NEED ONE ANOTHER

Did you know that there are 100 "*One Another*" verses in the New Testament? Ilan dito yung *love one another, bear one another's burdens, forgive one another*… sobrang dami! We need to be connected to a local church because we need one another.

Narinig niyo na ba yung "Jesus = yes, church = no" theology? Ito yung belief na pwede ka naman maging Christian without being connected to the church. I personally know some people who believe this. But this is faulty in its entirety. Ang church at ang pagiging Christian ay parang hands and glove relationship. Para saan ang gloves kung wala namang kamay na pagsusuutan? Kung si Jesus nga na all-sufficient even died on the cross for the church dahil mahal niya ito, we too must see our need to be part of the church.

"A new command I give you: Love one another. As I have loved you, so you must love one another. By this everyone will know that you are my disciples, if you love one another."
John 13:34-35

If you want to know if you are a genuine Christian, you should check your attitude towards the church and the people in it. Ang tanong nga ni Claudine Barreto kay Piolo Pascual "*Mahal mo ba ko dahil kailangan mo ko o kailangan mo ko dahil mahal mo ako?*" Pero pagdating sa atin walang options – dapat pareho nating mahalin at kailanganin ang church dahil hindi natin kayang mabuhay nang ganap na Kristiyano kung wala ang ibang tao. Di ba nga, no one is an island?

One common illustration tungkol sa church ay ang pagiging isang katawan. Narinig mo na ba na nag-away away ang mga mata,

tenga, bibig, kamay at paa mo dahil hindi daw nila kailangan ang isa't isa? Siguro ang puso at utak natin madalas nating pinaglalaban dahil sa crush natin, pero sa totoong buhay, kailangan ng katawan natin ang lahat ng bahagi nito.

Kapag may problema ang isang bahagi, may mga pagkakataong kailangang tanggalin. Ina-amputate. Ginagawa ito upang maagapan ang mas malalang sakit. Sadly, an amputated person will never be the same again. Ganun din sa church! If we will not do our part at wala nang ibang aako ng gawain natin at magkakanya-kanya tayo, magiging amputated ang church. Kulang! Sana naman hindi tayo ang maging dahilan para maging amputated ang church na kinabibilangan natin.

If you have persons in mind na churchmate mo at mahalaga sa iyo, let them know. Sabihin mo sa kanila na "*I need you, just as you need me*".

N - FOR THE NEXT GENERATION

Alam mo ba ang time capsule? Ito yung paglalagay sa isang container ng mga bagay from the present tapos ibabaon sa lupa para madiscover ng mga tao sa future. Sa pamamagitan ng time capsules, people in the future will have an idea what it is like to live in the past. Para itong time traveling message.

Ngunit higit sa mga artifacts at memorabilia, ang pinakamagandang message na maari nating iparating sa future generation ay ang buhay natin ngayon.

Great is the Lord, and greatly to be praised, and his greatness is unsearchable. One generation shall commend your works to another, and shall declare your mighty acts.
Psalm 145:3-4

May opportunity tayo na maging part ng church dahil hindi sumuko sa pananampalataya ang mga generations na nauna sa atin. Imagine if hindi sila naging connected sa church in the past, kung sumuko na lang silang lahat after ng mga persecutions nila at mga naging struggles nila. If hindi sila nagpatuloy, makakarating kaya ang message na ito sa inyo?

Nababasa natin ang mga life-changing narratives sa Bible natin, nae-enjoy natin ang mga testimonies ng mga nauna sa atin, napapakinabangan natin ang mga turo at pangaral sa atin ng mga Christian leaders in the past dahil naging connected sila sa Body of Christ during their time. Hindi nila naisip na sayang sa oras ang pagiging committed sa church.

Si Billy Graham, one of the most widely-known evangelist, ay nagstart sa church ng 28 years old siya; si John Calvin, age 25 and Martin Luther at 21. Kung hindi ka pamilyar sa kanila, ilan

lang sila sa mga renowned Christian leaders and movers natin! Bata pa lang sila nun, connected na sila sa Body of Christ!

How about our generation? Isusuko na lang ba natin ang faith natin dahil tinatamad na tayong bumalik sa church? Isusuko na lang ba natin ang next generation dahil we find church boring and uninteresting? Huwag naman! Sooner or later, magiging parents din tayo, at ang best gift na maaari nating ibigay sa kanila ay ang makita nilang may relationship tayo kay Jesus at committed tayo sa local church. Ngayon pa lang maging mabuting halimbawa na tayo sa future generation. If you believe that the next generation is worth fighting for, then do your part! Connect to your church!

The church remains to be a powerful and significant influence for the transformation of the people, at mas ine-extend natin ang influence na ito kapag tayo ay nagiging bahagi ng mga gawain ng church natin. Kung hindi tayo magiging connected sa local church ngayon, para na rin nating sinabi na wala tayong pakialam sa mga susunod na generation. Para na rin nating sinabi sa kanila na bahala na sila sa buhay nila. Realtalk, para na rin nating sinabi yan pati sa mga future kids natin. Kaya if we love them enough, let us also love the church.

E - FOR EDIFICATION

Ang ibig sabihin ng edification sa Bible ay *"to instruct or to improve a person's spiritual knowledge into maturity"*. In short, habang mas nae-edify tayo, mas lalo tayong nagiging katulad ni Jesus. Marami sa atin ang natututo tuwing nanonood tayo ng mga Christian vlogs, nakikinig ng mga Christian podcasts, o kaya nagbabasa ng mga Christian books. Yes, nakakatulong ang mga ito for spiritual growth pero hindi nito kayang tumbasan ang edification na bigay ng local church.

"And he gave the apostles, the prophets, the evangelists, the shepherds and teachers, to equip the saints for the work of ministry, for building up the body of Christ, until we all attain to the unity of the faith and of the knowledge of the Son of God, to mature manhood, to the measure of the stature of the fullness of Christ, so that we may no longer be children, tossed to and fro by the waves and carried about by every wind of doctrine, by human cunning, by craftiness in deceitful schemes."
Ephesians 4:11-14

Binigay sa atin ang mga pastors and leaders ng church upang i-equip tayo, upang magkaroon tayo ng opportunity to serve and be part of something big. Imagine mo yun, bahagi tayo ng kingdom building! And as we take part in the work of the ministry, we grow in knowledge of the Lord Jesus Christ. We mature spiritually at hindi na tayo madaling madadaya ng mga false teachings.

Noong nagsisimula pa lang akong Christian, pumupunta ako sa church dahil gusto ko ng mga kaibigan at natutuwa ako sa mga competitions, mga DVBS, at mga teens and youth fellowships. Pero

nang nabigyan ako ng pagkakataon na maging part ng ministry, mas naintindihan ko kung bakit ano ang ibig sabihin ng pagiging Christian ko. It's not about me going to heaven. It is about Jesus living in me! And out of my gratitude and love sa ginawa sa akin ni Jesus, ise-share ko Siya sa ibang tao.

Dapat naggo-grow tayo in faith. Hindi tayo forever baby Christian, dapat habang tumatagal tayo sa church, nae-edify tayo at nagiging edification din tayo sa iba. Hindi tayo ang nagiging stumbling block nila. Ask yourself – *"am I maturing in faith?"* Baka naman sobrang tagal mo nang Christian pero madali ka pa rin ma-offend. Matagal ka nang Christian pero ayaw mo pa rin magpagamit sa ministry. Matagal ka nang Christian pero kinakatamaran mo na ang pagsisimba. Online na nga, tinatamad ka pa. Mas may time ka pa sa LOL, Mobile Legends, Genshin Impact, WattPad or Viu kaysa kay Jesus. Magkaiba ang matagal na sa church sa spiritually mature. At kung hindi tayo magiging bahagi ng church, sobrang limited ng options natin para ma-edify.

C - AS A FORM OF COMMITMENT

Sa panahon ngayon sobrang hilig natin sa instant. Gusto natin makuha ang lahat ng bagay nang mabilis, kahit wala pa sa panahon. Malate lang nang sandali ang food delivery natin naiinis na tayo at nagbibigay ng agad negative feedback. Kapag bumagal ang internet connection nagwawala na tayo. May kilala ba kayong ganito?

When it comes to spiritual matters, mainipin tayo. Marami sa atin, we think of the church like a club na dapat may makuha tayong kapalit sa bawat binibigay nating effort, otherwise aalis tayo. Kapag corny ang joke ni pastor, dun tayo sa mas funny. Kapag nasaktan sa sermon, di muna magsisimba. Kapag ayaw ng program, aalis muna. We are slowly becoming a generation of church hoppers and shoppers.

Even sa livestreams nga ngayong pandemic, nakakalungkot kasi may livestream naman si pastor, pero baka ang pinapanood natin yung sa ibang church na mas maganda ang ilaw o mas maganda ang gamit. As youth, we should support and help our pastors. We should partner with them lalo sa mga areas na mahina sila, like technology.

Minsan kaya ayaw nating mag-commit kasi naiinggit tayo sa ibang church. But your commitment is the key for the growth of the church!

> And they devoted themselves to the apostles' teaching and the fellowship, to the breaking of bread and the prayers. And awe came upon every soul, and many wonders and signs were being done through the apostles.
> Acts 2:42-43

As the disciples commit to the church, awe came upon every soul and many signs and wonders were done! Mas lumaki ang church influence mas lumawak ang ministry! Imagine what would happen to our churches kung tayo mismo ay magiging connected and committed to the local church. Imagine the impact we can give!

But the question is, are we committed enough sa church natin? Lalo na sa panahon ngayon ng New Normal, same pa rin bang level of commitment ang binibigay mo, o nanlalamig ka na? Kung sa kachat nga natin nagdedemand at nagbibigay tayo ng loyalty at commitment, yung iba nga dyan wala pang label, bakit naman pagdating sa church hirap na hirap tayong mag-commit? *OK ba yarn?*

Kung masakit, sorry, not sorry. Realtalk lang. Pero ganun naman dapat. Jesus Christ died for us while we were still sinners, tapos nilagay tayo sa isang spiritual family. Sana wag naman nating ipagpalit ang spiritual family natin sa iba, lalo na sa mga bagay na hindi naman mahalaga.

T - SIGN OF OUR TRUSTWORTHINESS

Marami sa atin ang may desire na baguhin ang mundo, pero hindi naman kayang baguhin ang sarili. Hindi mautusan sa bahay. Hindi maasahan sa maraming bagay. May mga promises na hindi natutupad. Kapag hindi nakatingin ang leader, hindi na nagpa-function.

"Whoever can be trusted with very little can also be trusted with much, and whoever is dishonest with very little will also be dishonest with much."
Luke 16:10

Ask yourself, "*mapagkakatiwalaan ba ako?*" Napakaraming gustong ipagkatiwala nang Lord sa atin, pero baka hindi Niya maibigay-bigay kasi sa maliit na bagay pa lang bagsak na tayo. Baka ayaw kasi nating maging connected sa church.

Sa church na kinabibilangan ko, hindi ka pwedeng maging leader if hindi ka committed sa pag-attend sa church at hindi ka official member. Kahit gaano ka kagaling as a person, hindi ka mabibigyan ng leadership position kung hindi ka connected. Even sa music ministries, kung ayaw sumama sa practice at devotion, hindi ka mabibigyan ng chance tumugtog kahit gaano ka pa kagaling.

Trustworthiness is not about ability but of availability. It is not about skills but attitude. If you are a trustworthy Christian, it will show in the way you treat your local church. Mapagkakatiwalaan ka ba ni Lord na magiging dependable ka sa local church kung saan ka Niya dinala?

May blessing sa Panginoon ang mga taong mapagkakatiwalaan. Remember the Parable of the Talents (Matthew 25:14-30)? Yung dalawa, pinagyaman ang binigay sa kanila. Yung isa, hindi man lang nag-effort. Ang nangyari ang pinagkatiwalaan nang marami, nadoble pa. Ang pinagkatiwalaan nang kaunti, nawalan lalo.

Wala sa laki o liit ng simbahan kung saan ka Niya dinala, kundi sa kung mapagkakatiwalaan ka ba. Marami sa atin gustong mag-serve sa mga conventions at conferences, sa mga concerts, pero sa church gatherings, hindi naman present at hindi maasahan.

Nakatingin ang Panginoon hindi sa building, hindi sa dami ng dumadalo, kundi sa puso ng bawat miyembro. Question is, kung titignan ni Lord ang puso mo about your church, ano kaya ang magiging findings Niya?

Ang sabi ni Craig Groeschel, "*Some people only get a little bit of Jesus to make them feel better, but not enough of Jesus to make them live different!*" Sad no?

Jesus has much to offer to those who are trustworthy.

ARE YOU READY TO CONNECT?

Balikan natin si Normie.

Love naman ni Normie si Lord, at gusto niya ulit ma-experience ang dati niyang init sa pagsamba. Ang problema lang, sa sobrang tagal niyang nanlamig, hindi na niya alam kung paano ba ulit bumalik.

Totoong tanong at totoong confession sa akin ngayong pandemic: *"Kuya Marts, pakiramdam ko sobrang layo ko na kay Lord. Hindi ko na Siya maramdaman. Nahihiya na ako kasi masyado akong nagpasaway this pandemic. Tatanggapin pa ba Niya ako?"*

Good news para kay Normie at para sa lahat nang nagtatanong – OF COURSE!

If you ever feel disconnected to the Lord, remember that the prodigal son did the most unimaginable sin to his father, pero winelcome pa rin Siya nang buong-buo (Luke 15:11-32 for complete account). Paano siya winelcome ng kanyang ama?

- Malayo pa lang nakita na siya ng tatay niya, meaning nakatanaw palagi ang tatay at inaabangan siya!
- Tumakbo ang tatay papunta sa kanya! Sa culture ng mga Jews, hindi katanggap-tanggap na tumatakbo ang isang lalaki, lalo at head of the family. Pero mas nangibabaw ang pagmamahal ng tatay sa kanyang anak kaysa kultura.
- Binigyan siya ng sandals, balabal at signet ring. Ang slaves, hindi nagsusuot ng mga ganito, at hindi siya winelcome ng tatay bilang alipin. Ibig sabihin, nirestore ang kanyang relationship bilang anak! Parte na siya ulit ng pamilya!

- Pinag-party siya ng tatay at imbitado ang buong barangay – this son of mine was lost, and now he's found!

This is the same Father that we have in God. This is the same love that we have in God.

Youth, if ever you find yourself lost and wanting to RE-CONNECT to the family of God, to the church, I challenge you to come back to Him. With all humility, just return. He is patiently waiting. He is not condemning you. He loves you. He wants you back.

Wag ka nang magpakalayo-layo. Wag ka nang magdalawang-isip. Wag mo nang sayangin ang oras at ang pagkakataon. Hinihintay ka Niya. Balik ka na.

AUTHOR

Martin "Kuya Marts" Valenzuela is a youth leader behind Project Arrows and Hearts and Halo, blogs dedicated to be an instrument of motivation and encouragement through God's Word, his very own experiences and ruminations.

Follow his online platforms:

FB Page:

https://www.facebook.com/projectarrowsbymartsvalenzuela

https://www.facebook.com/heartsandhalo/

Blogs:

https://martsvalenzuela.com/

https://heartsandhalo.blogspot.com/

PROMOTION

Kuya Marts is one of the contributors for Kaya Ko Pa Bes! and Other Lies I Tell Myself, 52-week devotional written for Gen Z (for youth leaders and parents as well!). It is packed with reflections, instructions from the Word and weekly challenges for character development. Through these, the readers can get close to Him who gives true strength and inner peace. So, when the struggle is real, masasabi mong, Kaya ko pa, Bes!

You may purchase the book at OMF Literature, PCBS and other selected bookshops, as well as in Shopee and Lazada.

KAYA KO PA, BES!

And other Lies I Tell Myself

A DEVOTIONAL

KERLYN BOBADILLA, LARIZZA DULAY, MANUEL ZABAT II,
MARTS VALENZUELA, and RIGEL FORTALEZA

RONALD MOLMISA
Editor